# Sa mga dayuhang customer na magtatransaksyon sa Japan Post Bank

■ Hinihiling ang pagpapakita ng residence card sa oras ng pagbubukas ng account, pagbabago ng address o pangalan, at oras ng pagpapalit ng pantatak *(inkan)*.

Hinihiling ang pagpapakita ng residence card upang makumpirma ang nationality, status of residence, period of stay atbp.

* Kung nag-renew ng residence card, mangyaring sabihin ito sa oras ng pagpoproseso.

* Para sa mga diplomat at iba pang taong hindi pinagkakalooban ng residence card, hindi kailangan ang pagpapakitang ito.

■ Kung sasapit ang araw ng pagtatapos ng period of stay sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng pag-apply para sa pagbubukas ng account, mangyaring mag-apply kapag natapos na ang proseso ng pag-renew ng period of stay.

Kung sasapit ang araw ng pagtatapos ng period of stay sa loob ng 3 buwan mula sa araw ng pag-apply para sa pagbubukas ng account, hindi maaaring magbukas ng account.

Para sa customer na balak na magpatuloy manirahan sa Japan, pagkatapos ng proseso ng pag-renew ng period of stay, mangyaring dalhin ang bagong residence card kung saan na-renew ang period of stay, at mag-apply para sa pagbubukas ng account.

* Hindi maaaring magbukas ng account sa Japan Post Bank o post office ang mga taong 3 buwan pababa ang period of stay na itinakda sa oras ng pagpasok sa Japan, na hindi pinagkalooban ng residence card.

* Para sa mga taong pinoproseso ang pag-renew ng status of residence o period of stay, mangyaring dalhin ang bagong residence card pagkatapos ng pag-renew.

■ Hinihiling ang pagpapakita ng student ID, employee's ID atbp.

Para sa mga "Student" o "Technical Intern Training" ang status of residence, upang makumpirma ang katotohanan ng pagka-enrol o kalagayan ng pagtatrabaho atbp. sa oras ng pagbubukas ng account, kasama ng residence card, hinihiling ang pagpapakita ng student ID, employee's ID atbp.

* Maaaring makipag-ugnayan kami sa paaralang pinapasukan o sa pinagtatrabahuhan upang kumpirmahin ang inyong pagka-enrol o pagka-empleyo roon.


■ Maaaring mangailangan ng oras para sa pagbubukas ng account.

Kapag mag-aapply ang dayuhan para sa pagbubukas ng account, dahil mangangailangan ng oras para sa iba't ibang pagkumpirma alinsunod sa mga kinauukulang batas atbp., maaaring hindi makapagbukas ng account sa araw ng pagtanggap ng aplikasyon, at ipadala sa koreo sa bahay ng customer ang passbook sa ibang araw sa hinaharap. Mangyari namang unawain antimano na maaaring tanggihan ang pagbubukas ng account ayon sa kaso.

■ Iba pang bagay na dapat ninyong pag-ingatan

- <u>Kung nag-renew ng residence card, mangyari lamang na dalhin ang na-renew na card, at magbigay kaagad ng abiso sa tanggapan. Kung hindi nakapagbigay ng abiso, maaaring limitahan ang inyong transaksyon nang pansamantala.</u>
- Gagawa kami ng kopya ng ipinakita ninyong mga dokumento ng sertipikasyon.
- Kung nagbago mula sa non-resident at naging resident ang taong nagbigay ng abiso bilang non-resident, mangyaring magbigay kaagad ng abiso sa tanggapan.
- <u>Kapag lilipat ng tirahan sa labas ng Japan tulad ng uuwi sa sariling bansa atbp., mangyaring isagawa ang proseso ng pagsasara ng account.</u>
- <u>Krimen ang pagbibigay o pagtitinda ng account (passbook o bank card) sa layuning ipagamit ito sa ibang tao. Huwag na huwag itong gawin.</u>

Harap




Likod




Pinagmulan: Website ng Immigration Services Agency of Japan